Tagalog
Vol.31 2023.03

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation




## Halika't mamasyal sa bayan ngayong tagsibol!

### 【I-enjoy ang mga cherry blossom sa Ota City!】

Madaming magagandang lugar para manood ng mga cherry blossom sa Ota City. Partikular sa Senzokuike Park, Ikegami Honmonji Temple, at Tama River kung saan madaming cherry blossom na namumulaklak at nagpapakita ng napakagandang tanawin. Ang Ota Tourisim Association ay gumagawa ng mapa na nagpapakita ng mga lugar kung saan namumulaklak ang mga cherry blossom sa Ota City. Madami ding iba pang pamphlet na makakatulong upang makapag-enjoy nang husto sa Ota City. Hinihikayat namin kayong kumuha nito at mamasyal sa Ota City!








Mag-ipon ng health points mula sa paglalakad sa cherry blossom viewing!

Hanepyon Health Point (HP)

- Kailan: Magsisimula ang pamamahagi ng pamphlet bandang Marso 20
- Magkano: Libre
- Saan: Makukuha ito mula sa Ota Tourism Association, Ota City Tourist Information Center, mga library sa loob ng Ota City, Branch Office ng Ota-ku, at iba pa.
- Makipag-ugnay sa: Ota Tourism Association
  ☎ 03-3734-0202 E-mail event@o-2.jp

# 【Ika-12 na 21st Century Sakura Festival】

Ang "21st Cherry Blossom Festival" ay isang kaganapan kung saan ang iba't ibang grupo, tulad ng neighborhood association / town association, lokal na mga negosyo, at mga kaugnay na organisasyon ay nagtutulungan upang palalimin ang ugnayan at pagalakin ang komunidad. Nagpaplano kami ng maraming masasayang kaganapan tulad ng mga stage performance, event corner, flea market, snack bar atbp.

Mga pag-iingat

- Mangyaring pumunta na nakasuot ng face mask.
- Maaaring may mga paghihigpit sa pagpasok sa loob ng venue sa araw na iyon.
- Mangyaring iwasang pumunta kung masama ang pakiramdam.
- May posibilidad na makansela depende sa pagkalat ng impeksyon ng corona virus.



21st Cherry Blossom Festival

Marso 26, 2023 (Linggo)
10:00 am – 3:00 pm (ititigil ang kaganapan kapag umulan)

Shimomaruko Park
4-21-2 Shimomaruko, Ota-ku

Community Activities Promotion Section, Yaguchi Branch Office
☎ 03-3759-4686
FAX 03-3759-1492
E-mail yaguti@city.ota.tokyo.jp



©Ota City

# 【2023 Naghahanap ng ambassador (Cool OTA-KU ambassador) para sa global na Ota City】



Ang Ota City ay naghahanap ng "Cool OTA-KU ambassador" (palayaw) na magpapalaganap ng halina at impormasyon ng Ota City.

- Kwalipikasyon para sa aplikasyon: Dayuhang nasyonal na higit sa 18 taong gulang na may kaugnayan sa Ota City, tulad ng ninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Ota City
- Papel na gagampanan ng ambassador: (1) Gamit ang SNS, personal na koneksyon, atbp., ipapalaganap ang halina ng Ota City (2) Lalahok sa mga kaganapan na gaganapin sa Ota City, atbp. (Isinagawa noon 2022 ang mga maliliit na kaganapan, exchange meeting, atbp.)
- Termino ng panunungkulan: Hulyo 2023 – Hunyo 2025 (Balak)
- Deadline: Dapat dumating ang aplikasyon bago Abril 10, 2023 (Lunes) ng 5:00 pm
- Paraan ng pag-apply: Personal na pagdala ng application form, pagpapadala gamit ang koreo, pag-FAX o pag-email

Makipag-ugnayan para sa mga detalye. Sa pamamagitan ng mga aktibidad, magkakaroon ng pagkakataon malaman ang higit pa tungkol sa Ota City, at maraming makikilala. Nais mo rin bang maging aktibo sa Ota City? Inaasahan naming ang iyong aplikasyon.

Mga 5 katao

Isumite ang itinalagang application form at report sa pamamagitan ng koreo, e-mail, o dalhin ito sa sumusunod na destinasyon ng aplikasyon.

Internationalization and Multiculturalism Section, Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323 E-mail boshu-kokusai@city.ota.tokyo.jp

## 【Magome Bunshimura Grand Cherry Blossom Festival】





Bukod sa Japanese folk dancing (Nagashiodori), Awa dancing (Awaodori), at Haiku poetry contest, mayroon ding mga snack bar na ikatutuwa ng kahit sino.



©Ota City

* May posibilidad na makansela depende sa pagkalat ng impeksyon ng corona virus.

Abril 2, 2023 (Linggo)
12:00 pm – 4:30 pm ipapatuloy kahit umulan

Sakuranamiki Park, Sakura-Namiki Dori, Magome (paligid ng 4-48 hanggang 6-11 Minami-Magome, Ota-ku)
*Sumakay ng bus papuntang Ebara-machi Station Entrance mula sa Sanno Exit ng Omori Station at bumaba sa Usuda-Sakashita (5 minutong paglalakad)

Magome Branch Office
☎ 03-3774-3301　FAX 03-3774-4997




©Ota City

## 【Ipagdiriwang ng Ota International Exchange Center (Minto Ota) ang unang anibersaryo mula sa pagbubukas nito!】

Ipagdiriwang ng Ota International Exchange Center Minto Ota ang nalalapit na unang anibersaryo mula sa pagbubukas nito noong Abril ng nakaraang taon. Ang center ay may tanggapan kung saan maaaring kumonsulta ang mga dayuhang kapag sila ay may problema sa pamumuhay, Information and Exchange Corner kung saan nagdi-display ng kultura ng mga dayuhang bansa at mga programa para sa pakikipagpalitan ng Ota City, at Conference Room na maaaring gamitin para sa mga aktibidad para sa international exchange at multicultural activities. Narito din ang Global City Ota Cooperation Association (GOCA) at Internationalization and Multiculturalism Promotion Division ng Ota City. Tumatanggap kami ng konsultasyon tungkol sa mga pamamaraan sa City Office, pagsasalin ng mga dokumento sa isusumite, at iba pa, kaya huwag mag-atubiling gamitin ang aming serbisyo!



Multilingual Consultation Desk (GOCA)



Information and Exchange Corner



Conference Room

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323
E-mail　kokusai@city.ota.tokyo.jp

Ota International Exchange Center

## 【Draft ng Budget ng Ota City sa Fiscal Year 2023】

Narito ang Draft ng Budget ng Ota City sa Fiscal Year 2023. Para sa pangunahing ideya ng budget para sa susunod na taon, mangyaring tingnan ang website ng Ota City mula sa 2D code.

Public Hearing and Public Relations Division
☎ 03-5744-1132

**Special Feature** 

# Panayam sa Dayuhang Nagtatrabaho

## Aktibo sa larangan ng pagsasanay ng mga bagong empleyado sa mga convenience store

Ika-2 Inner Mongolia, China

### Magtrabaho tayo sa Ota City!!

Upang maipaalam namin sa lahat ng tumitingin sa Ota City Navigation ang halina ng pagtatrabaho sa Ota City, ipapakilala namin ang mga dayuhan na nagtatrabaho sa loob ng Ota City. Ang ika-2 isyu ay itinatampok si WUGEDELEHU-san na mula sa Inner Mongolia, China at may maliwanag na pagkatao. Siya ang responsable sa pagsasanay ng mga bagong empleyado sa industriya ng mga convenience store, kung saan tumataas ang bilang ng mga dayuhang empleyado.



### Q Ano ang nag-udyok sa iyo para pumunta sa Japan?

Dumating ako rito sa Japan noong Oktubre 2018. Dati akong nagtatrabaho bilang guro sa kindergarten sa Inner Mongolia ng isang taon pagkatapos kong magtapos sa unibersidad, ngunit nais kong sumubok ng bago. Parati kong naririnig ang kuwento tungkol sa Japan mula sa aking guro sa unibersidad. Naging udyok ng pagpili ko sa Japan ang pagnanais kong makita ng aking sariling mga mata ang Japan balang araw.

### Q Ano ang iyong kasalukuyang trabaho? Ano ang nag-udyok sa iyo upang gawin ang iyong kasalukuyang trabaho?



Nagtatrabaho ako sa kumpanyang nagsasagawa ng human resource development. Responsable ako sa trabaho ng pagsasanay ng mga bagong empleyado ng mga convenience store, hindi lamang mga dayuhan. Pinili ko ang trabahong ito dahil nais kong maugnay sa human resource development. Una akong nagkaroon ng interes sa human resource development noong ako ay nagtatrabaho bilang part-time, at ang nag-udyok sa akin ang "Leader Crew Training" na inirekomenda ng manager ko noong mga panahong iyon. Mula roon, napagtanto kong nakakatuwa ang pagtuturo ng mga bagong empleyado. At gaya ng manager noong mga panahong iyon, nais kong maghatid ng komportableng pakiramdam sa mga tao sa aking paligid. Noong mga panahong iyon, hindi pa ako ganoong nakakapagsalita ng wikang Hapon, at kapag nagkakamali ako dahil sa kaba, malumanay at kalmado akong tinuturuan ng manager. Naaalala ko pa rin hanggang ngayon ang mga panahong iyon. Kapag nagtuturo ako ng trabaho sa mga bagong empleyado, isinasaisip ko ang pagiging kalmado at komportable pakiramdam na ito sa pagtrato sa kanila.

Gayundin, hindi lamang ako nagtuturo ng mga detalye sa trabaho, kundi nagtatrabaho ako habang isinasaisip kung paano masisiyahan ang mga tao sa aking paligid sa kanilang trabaho. Upang magawa ito, sinusubukan ko ring masiyahan ako sa aking trabaho.





Maraming salamat, WUGEDELEHU-san. Natitiyak kong ang komportable at maliwanag na pakiramdam gaya ng yaong kay WUGEDELEHU-san ay maipapalaganap ng mga convenience store sa bayan.

Para sa buong artikulo, mangyaring pumunta sa aming website ▶

Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052 Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.